

ANG MGA IPINAGBABAWAL NA SALITA.

ni: CorrectionFluid

Bago mo 'to basahin, siguraduhin mong malamig ang ulo mo.

Payong kaibigan lang 'to.

Oo, alam kong paulit - ulit na ko. Pasensya na, ipinaglihi raw ako sa sirang plaka e. Pero kung talagang nagbabasa ka, e di sana .. nakita mo sa unang pahina pa lang na .. *pwede kang lumayas sa pahinang 'to sa sandaling hindi mo nagustuhan ang mga opinyon ko.* Ganun kasimple, wala ng arte - arte.

Sinasabi ko sa inyo ngayon palang .. *na pwedeng umusok ang ilong niyo sa galit* pag natapos niyong basahin 'to. Naranasan niyo naman sa **Chenes, Cheber at Eklavoo**, diba? Kaya alam kong alam na alam niyo na kung paano akong bumirada ng mga salitang hindi lang basta walang kwenta, halatang may pinaghuhugutan at pinatatamaan pa.

Ngayon, ang tanong ..

Handa ka na ba para makakita ng panibagong kalokohan?

Naihanda mo na ba ang sarili mo ..

Sa pagsulyap ..

Sa mga ***Ipinagbabawal na Salita?!***

Kung oo, halika ..

Panindigan mo na ang ginawa mo ..

Humanda ka na sa bunga ng kapusukan mo ..

Ituloy mo lang ang pagbabasa mula **simula** ..

Hanggang ***dulo ng pahina.***

ISA ako sa mga tinatawag na *silent reader* dito sa mundo na kinaaadikan ng mga kabataan ngayon. Isang mundo na, para sa karamihan, masasabing *escape nila from reality*. Isang mundo na, pinagkukublihan ng mangilan - ngilang kabataan na masasabi kong .. *talaga namang may ibubuga* pagdating sa paglalahad ng mga nalalaman nila sa sining na tinatawag kong panitikan at literatura.

Madalas na hindi ako nagbibigay ng komento sa bawat piraso, kabanata at kabuuan ng mga istoryang nababasa, binabasa at nadadaan ng mga mata ko. Hindi naman sa shy type ako o kung ano pa man, sadyang hindi ko lang *feel* na maging maingay doon sa mga akdang hindi ko naman direktang sinusupportahan, na gawa - gawa ng mga manunulat dito na hindi ko naman *kaibigan*. Tsaka taliwas na sa nabanggit kong deskripsyon kung magiging maingay ako. Silent reader nga e.

Pero kung alam niyo lang kung paanong mag **360 degrees** yung leeg ko kailang kada makakabasa ako ng mga likhang, sabihin na lang nating .. *nakakaumay na*.

Ano ba yung mga pamantayan ko para masabing .. *nakakaumay* yung isang istorya?

Ilahin ko ha. Para naman magkaliwanagan tayo mga kababayan.

Una.

Yung tipong **CAMPUS NERD MEETS CAMPUS /HEARTTHROB/CASANOVA/BAD BOY/GYM TEACHER/PET/BANANA**. Iyan. Hindi ko alam kung sino talaga sa *kanila* ang orihinal na lumikha ng konseptong 'yan. Pero sa dami ng nakikita kong mga akda na maswerteng napabilang sa tinatawag nating "**What's Hot**" na listahan, e talaga namang napapakunoot noo na lang ako ng sobra. Dito pa lang, masasabi mo ng "**My whole life was a lie.**"

Bakit ba naisip ng kung *sino* mang nakaisip na 'to na pagtripan yung mga walang kamalay - malay na tao? Tulad na lang ng mga *nerd*. Sa totoo lang, naranasan ko na rin na matawag at mabansagan ng ganitong termino. Masakit sa pandinig, tama ba ko? Ikaw kaya ang maakusahang walang ginawa sa buhay mo kundi ang sambahin at mahalina ang mga kwaderno't libro, matutuwa ka ba?

Tapos, gagawan ka ng love story na hindi naman *makatotohanan*. Tipong, kamukha raw ni Betty La Fea o ni Shomba yung nerd, tapos biglang maiinlab si ganito o ganyan na ubod ng gwapo na pinagnanasaan ng sangkatauhan na ubod ng hangin na dinaig pa ang signal # 13 sa kanya. Una sa pangalawa, sa paanong paraan magkakagusto yung isang tao sa isang tao (teka, paulit - ulit ata a) na **WALA NAMANG PAKIALAM KE AMAGIN/UJORIN/ANAYIN NA SIYA?** In short, sa isang taong hindi binibigyang - halaga ang *physical appearance*? Ang mga tinatawag nating **nerd**, ayon nga sa ginintuang aklat ni **Master Bob Ong** na pinamagatang **ABNKKBSNPLAKO**, e yung mga taong '*walang takot na lalapit kay titser at itatanong kung mag - iiba ba ang value nung X pag kinatay mo si Y*'. Sa madaling salita, sila yung mga taong **STUDIES FIRST**, at wala silang panahon para sa mga ka - echusang dulot ng buhay pagibig. Kung pagbabasehan natin ang kwentu - kwento na hinahango sa totoong buhay, mahihinuha niyong "*idealistic*" ang konseptong yan.

Kaya nga, nagtataka ako .. gustung - gusto kong pasukin yung utak nung mga gumagawa ng ganyang konsepto .. at itanong sa kanila kung anong klaseng *psychological framework* ang meron sila kung kaya't naiisip nila 'to, gayong kung tutuosin .. *hindi naman reyalistiko?*

Pangalawa.

Dumako naman tayo sa mga *teknikal na aspeto* ng pagsusulat. Ikaw, ako, tayong lahat .. masasabing guilty dahil sa paggawa ng kasalanan sa tinatawag nating Mother 'o Pearl. Dyaran! Ang tinatawag nating .. **Grammar 101**.

Eto na.

Marami na tiyak ang umuusok ang tenga pagkabasang - pagkabasa pa lang nung mga salitang nakasulat *in bold format*.

Trivia lang.

Alam niyo ba na walang salitang "**Anyways?**"

O yan ho. Sana makatulong.

Ano ngayon ang punto ko?

Eto ngayon ang punto kong walang saysay. Natatawa ako kada makakakabasa ako ng *narration* na may salitang **anyways**. Hindi ako natatawa dahil mali kayo, hindi ko rin kayo pinagtatawanan dahil hindi niyo alam na hindi talaga existing ang salitang yan. Natatawa ako kasi .. *kung sino pa yung mga SIKAT as in SIKAT na manunulat dito, sila pa yung nakagagawa ng karumal - dumal na kasalanang 'yan.*

Maiintindihan ko kung **baguhan** kayo e. Syempre, hindi niyo pa alam ang pasikut - sikot. Ang maganda pa doon, marunong *magtanong* yung mga baguhan .. para nga naman mas matuto. Pero kung matagal ka na sa larangang 'to at nakaipon ka na rin ng lupon mo ng mga mambabasa, dapat lang na .. alam mo na kung alin yung dapat at hindi dapat gamitin.

Tsaka, pwede naman hong magtanong kay kumpareng Google. Hindi ho masamang magtanong, dahil para sa ikabubuti rin naman ng kalagayan mo yan. Lalo namang hindi masamang paminsan - minsan e aminin mo sa sarili mo na naboboplaks ka rin at kailangan mo ng tulong ni kumpareng Google o koyang Yahoo. Isang click lang at voila! Makikita mo na rin kung ano man yung hinahanap mo na hindi mo makita - kita.

Paepal ulit. Yung salitang **anyways**, barubal o non - standard form yan nung salitang **anyway** - na siyang *accepted at totoong ginagamit* ng mga matitinong tagapagsalita, mambabasa, nakikinig at manunulat. Narinig niyo na ba si Pinoy na magsalita tapos ginamit yan? Nakabasa na ba kayo ng likha ni J. K. Rowling na may salitang ganyan? Ang sakit lang ho kasi sa tenga at sa mata. Hindi ko nga malaman - laman sa mundong 'to kung bakit at paano nag - evolve yung salitang yan e. Dinaig ang bilis ng evolution ng Australopithecus patungong Homo Sapiens - Sapiens. Hanep.

Kaya sana, magsilbing aral ang pangalawang punto. Tandaan: Walang salitang **anyways** at **hindi ho masamang magtanong**. A prudent question is one half of wisdom. Mano ba naman yung isang araw na luluhod ka at aaminin mong TANGA ka rin pala? Ayon nga kay katropang Francis Bacon, na siyang lumikha ng impluwensyal na sanaysay na pinamagatang *Of Studies*, "**Knowledge is Power**." SIYA ho ang orihinal na lumikha ng kasabihang 'yan. Ikonsulta niyo pa yan kay Ka Ernie. Itaga niyo pa yan sa bato. Tawagin niyo man si Panday at ipapaslang ako, pero sinasabi ko lang ang totoo.

Pangatlo.

Subject and Verb Agreement.

Oh! I see! The me is so nosebleeding right here, right there, anyways and anyhow because of what I'm was reading in above.

Anak naman ng teteng.

Eto ang sinasabi ko sa mga manunulat ngayon e. Kung magsusulat ka, siguraduhin mong KAYA mong panindigan yung sinusulat mo. Wala naman hong masamang gumamit ng Tagalog - English, o mas kilala sa tawag na *TagLish*, pero kung gagamit ka man ng wikang dayuhan, e siguraduhin mo namang katanggap - tanggap yung paggamit mo nito.

Napakarami ko hong nababasang ganito:

"Salome, napakaganda mo. Kahawig mo ang mga maririkit na bituin sa kalangitan," I smile because of what Juan Carlos tells me.

UTANG NA LOOB.

Pag sinabi hong **past tense**, dapat, yung verb na *smile*, magiging **smiled** na. Tapos, yung verb naman na *tells* na nasa **present tense**, dapat magiging **told** na bilang *emphasis* doon sa pagbabago ng tinatawag nating *state of being*. Diba, tinuturo naman ho ito magmula grade 3 hanggang kolehiyo? E bakit parang nakakalimutan ata 'to ng sambayanang Pilipino?

Aminin niyo. Marami kayong nababasang ganyan. Ang nakakalungkot lang, walang NAGLALAKAS - LOOB para itama yung mga ganitong pagkakamali. Bakit at sa anong dahilan? Dahil ba nagiging *inferior* ka doon sa awtor na ang layo na ng narating? Dahil ba nalulula ka sa dami ng fans at votes nung awtor o nagfi - feeling awtor na gustung - gusto mong tulungan? E bakit ka mahihiya, gayong sa unang banda, ang tanging layunin mo lang naman e ang **itama** siya?

Pakwento. Alam niyo ba na may isang **sikat** na **sikat** as in **sikat** na manunulat na humingi ng tulong sa mga mambabasa niya? Simple lang naman ang gagawin. Itatama lang naman yung **GRAMMATICAL ERRORS** nung mga akda niya. So, ako .. bilang isang dakilang uzisera at chismosa, e dagling nakipagusap agad doon sa awtor via *email*. Nagprisinta ako dahil una, gusto ko talaga siyang tulungan. Ikalawa, gusto ko rin siyang makausap. BOOM! Natanggap naman ako. Ang ending, sakín napunta yung isang istorya na .. sabihin na lang nating maraming nagkagusto.

Habang ine - edit ko yung bawat bahagi nong istorya, napapangiti ako. Kasi, lalong dumadagdag yung respeto ko sa kanya. Isipin niyo ha, ang layo na ng narating niya, ang dami nang taong humahanga at sumusuporta sa kanya, pero hindi siya nahiyang **IPATAMA** kung ano man yung mga **PAGKAKAMALI** niya sa mismong **READER** pa niya.

Nahihya nga ako habang hina - highlight ko ng pulang kulay yung mga nakikita kong mali e. Pero bandang huli, nanaig din yung kagustuhan ko na *makatulong* sa kanya. Naisip ko na .. e *ito* naman yung isa sa mga *purpose* kung bakit ako nagpupumilit maging **guro**, kaya liban sa pagtuturo, pang - iimpluwensya, at pagiging pangalawang magulang, karapat - dapat lang na ang mga **guro**, maging **agents of positive change** dito sa lipunang nakaririmarim mang isipin, e unti - unting *nilulumot* na.

Sa kasamaang palad, mula Prologo hanggang Ikapitong Kabanata lang yung na - edit ko. Naging abala na kasi siya sa pagaaral at gayundin naman ako. Nahinto na rin yung pag - uusap naming dalawa. Kung nabadtrip man siya sakin dahil sa dami ng pulang marka na nailagay ko sa akda niya e isang bagay na hindi ko tuwirang masabi dahil hindi ko rin naman alam kung sadyang iyon nga ba ang dahilan.

Ikaapat.

O, tapos na tayo ngayon sa mga teknikal na aspeto. Dumako naman tayo sa panibagong paksa na bubuksan ko.

Teneng! Ang paggamit ng mga salitang hindi gugustuhing marinig ninoman, hindi iniilog, hindi sinisinta .. at lalong hindi mimamahal.

ANG MGA MURA.

"E **gago** ka pala e! **Tang'na** mo ka a! **Letse**, magsama - sama kayong mga **tarantado!**"

Sarap. Ang lutong. Parang chicharon lang ah.

Pansinin niyo. Pag nakakabasa kayo ng mga ganyan, naiimagine niyo na nangyayari talaga sa totoong buhay diba?

E ANO NGAYON ANG PUNTO NG MGA TAONG GUMAGAWA NITO:

1. "Oh fcuk! Sh!t, nandyan na si nanay! Magtago ka sa ilalim ng kama, dali!"

2. "Pu+@n6!n@ naman, e ang g@g0 mo pala e!"

Doon sa una. Hindi ko magets kung bakit pinipilit na gawing *English - speaking* yung mga character doon sa istorya. Kung Pilipinung - Pilipino ang character mo, e di gawin mo na lang ding NATIONALISTIC pati yung kilos niya. Mano ba namang gamitin mo yung Tagalized version ng mga stateside na cuss words na sinasamba mo? Ano bang masama sa pagbabasa ng gago, puta, tarantado, letse, tangina at iba pa? Lumubog ka ba? Nalusaw ka ba? Natunaw ka ba? Hindi naman diba?

Tsaka, sa totoo lang, nababawasan po ang pagiging MASA at REALISTIC nong kwento. Maiintindihan ko kung MAYAMAN ang ROLE nung character at talaga namang kalahi niya si Uncle Sam kaya pati mura niya, imported. Pero kung ang gagampanang papel nung taong nasa istorya e pang - MASA -- na siyang tinatangkilik ng lahat ng hopeless romantic dahil sa dating niyang bida forever, e di dagdagan mo na rin ang *positive vibes* niya sa pamamagitan ng paggamit ng malulutong na mura. Presto! Nakatulong ka na sa pagdagdag ng paglikot ng imahinasyon nila, naisulong mo pa ang kampanyang maka - Juan dela Cruz.

Sa kabilang banda, doon naman sa pangalawa .. Hindi ko rin makuha ang saysay kung bakit pilit pang *itinatago* yung mga cuss words o murang babanggitin noong bawat character doon sa kwento, gayong kung tutuosin, *understood* naman nang MASAMANG SALITA yung babanggitin niya. Anong buting idudulot noong paggamit ng mga simbolo? Meron ba? Nalinis mo ba yung isipan ng mga mambabasa? Nakatulong ka ba sa pagdagdag ng mga maka - Kristiyano at maka - Iglesia?

Wag na nating itago yung hindi naman na maitatago. Literatura yan e. Hindi naman dapat sinasabuyan ng Green Cross Alcohol para lang bumango at luminis.

Magbibigay ako ng konkretong halimbawa a.

Babae akong namumuhay ng mag-isa

Hiwalay sa awasa

Matandang dalaga

Kerida

Puta.

Ang bahaging 'yan ay hinalaw sa **“Ang Babaeng Namumuhay Magisa”** ni **Joi Barrios**. Nailathala yang tula na yan sa libro ko sa Philippine Literature. Inaral pa nga namin yan sa klase e. At sinasabi ko sa inyo, maganda yung tula kaya sana, magkaroon kayo ng pagkakataon para basahin o bisitahin man lang. Kitam? Anong sinabi ng apat na letrang nagniningning na salitang binanggit niya doon sa unang saknong ng tula?

Iyan yung sinasabi kong hindi dapat sabuyan ng alcohol ang Literatura para lamang luminis. Partida, *formalistic* writer pa ho yang si Joi Barrios. May Ph.D degree ho yan sa Filipino at sa Panitikan at Literatura. Sa pagkakaalam ko pa nga, nagturo rin siya sa Kolehiyo ng Sining at Panitik sa Unibersidad ng Pilipinas. At kung malinaw ang mga mata mo, mapapansin mong hindi siya nahiyang gamitin yung salitang “puta” doon sa napakagandang akda niya.

E wala kasing basagan ng trip. Kung talaga namang mailalarawan nong mga MURA yung nararamdaman nong character mo doon sa istorya, e di GAMITIN mo! Wala ng hiya – hiya. Sa iyon talaga ang paraan para magmukhang cool at astigin yung pahayag niya e.

Kaya lang, wag naman sanang mawiwili yung mga manunulat dito .. na gagawin ng sahog sa pansit, palabok at spaghetti yung mura .. na tipong ang sasabihin na lang nong character e ganito:

“Oh putangina mo naman palang gago ka e. Letse!”

Epektibo lang yang mga salita na yan pag nandoon na sa tinatawag na *climax* o *sukdulan* noong isa, dalawa o yung mismong kabuuang bahagi ng istorya. Yung tipong nagpapatayan na sila, o kaya naman nagkakaroon na ng confrontation scene dahil lang sa nalaman ni Ponds na ang pinakasalan niyang si Garnier e dati palang lalake – na nagpalit lang ng kasarian. Subukan niyo kayang gamitin yan sa mga ordinaryong sitwasyon na tipong ganito:

“Hello Cholo!”

“Putangina mo, Jody!”

O diba ang sagwa? Mawawalan ng respeto yung mga mambabasa doon sa character. Baka nga ang ending pa nito, paslangin nila yung sumulat ng kwento dahil sa kawalang – saysay noong paggamit ng MURA doon sa dialogue o yung tinatawag nating *pahayag*.

Ang sinasabi ko lang dito, matuto sanang gamitin yung mga simbolo, *literary devices* na yan ng TAMA at ayon sa NARARAPAT. Sino ba namang baliw na awtor ang gugustuhing maparatangan ng WALANG KWENTA? Tipong walang saysay at *sense* lahat ng isinusulat niya? Wala naman diba?

Malapit na ho itong matapos. Binasa mo na ‘to, e di panindigan mo na. Lasapin mo na ang sarap mula simula hanggang katapusan.

At para sa ikabubuti ng sangkatauhan .. isusummarize ko na ang apat na punto ng sulating isinusulat ko ngayon.

Una.

Kung gagamit ka ng mga *cliche ideas*, siguraduhin mong REYALISTIKO at MAKATOTOHANAN. Anak naman ng Tinapa. Anong buting idudulot ng pag-iisip ng mga mambabasa na mayroon silang superpowers at kayang – kaya

nilang paikutin ang lahat ng tao sa mundo? Cliche na nga, idealistic pa. Mano ba namang turuan mo ang mga mambabasa para yakapin ang kontekstong kinabibilangan ng lahat – ang REYALIDAD.

Pangalawa.

Wala hong salitang **anyways**. At hindi masamang magtanong. Iyang dalawang konseptong yan, hindi pwedeng tumayo magisa. Ang sinasabi ko lang dito, kung hindi ka sigurado sa salita o sa bagay na gagamitin o gagawin mo, walang masama sa pagtatanong. Iyan ang dahilan kung bakit maraming nakabilanggo ngayon sa mga city jail e. Bira kasi sila ng bira. Banat sila ng banat. Hindi marunong magsipagtanong. O yan tuloy, anong bagsak nila? Sa kalaboso lang naman.

Pangatlo.

Walang masama sa paggamit ng wikang dayuhan. Kaya lang, kung alam mo sa sarili mo na nagdedelikado ka rin naman pagdating sa Grammar 101, mas mabuti pa sigurong wag ka na lang magsulat .. gamit ang wikang hindi mo naman alam kung paano tamang pakinabangan. Sulat ka nga ng sulat, e nawawala na rin naman yung *essence* ng isinusulat mo dahil ikaw mismo, hindi mo maipahayag ng TAMA kung ano yung gusto mo talagang sabihin. Am I righting to all of you that are there who is reading?

Pangapat.

Hindi kailangang linisin ang Literatura. Kung talagang kasama sa writer's purpose yung paggamit nila ng mga salitang barubal at balbal, hayaan niyo. May sariling dahilan yang mga yan kung bakit gumagawa sila ng mga character na kung magmura, e daig pa ang kumakain ng chicharong bulaklak. Kanya – kanyang *statement* lang yan. Walang basagan ng trip.

--

Naintindihan niyo ho ba?

O ngayon, kamusta na ang temperatura ng ulo niyo?

100 degrees celcius na ba? Kumukulo na ba? Umuusok na ba?

Wag na wag niyong sasabihing hindi ko kayo binalaan. Panindigan niyo yang kapusukan niyo.

Una pa lang, sinabi ko nang pwedeng kumulo lahat ng dugo niyo sa ulo pagkabasa nito.

Dahil nga ang intensyon ko kung kaya ko isinulat ito ..

E para ipaalam sa madla ..

Kung ano nga ba

Ang mga

Ipinagbabawal na Salita.

-THE END-

(c) August 5, 2012 by CorrectionFluid